Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 1, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE HULYO 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

**nasa loob**

EDITORYAL 4
TRAVELLER'S BLOG 5



Gob. Edgardo A. Tallado

# Mining summit isinagawa rito

Ang *Camarines Norte Provincial Mining Summit (CNPMS)* na idinaos sa *Golden Palace Restaurant*, Daet, Camarines Norte noong Hulyo 19, 2010 ay magkatuwang na itinaguyod ng *Mines and Geosciences Bureau (MGB), Region V, Legaspi City*, at Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Office of the Governor-Ecosystem and Environmental Resource Management Division (G.O.-EERMD).*

Dinaluhan ito nang mahigit 60-katao na binubuo ng mga kinatawan ng iba't-ibang kumpanya ng pagmimina dito sa lalawigan katulad ng *Bulawan Mineral Resources Corp., Jaycet Mineral Resources Corp., Eldore Mining Corp.*, at iba pang malalaking kumpanya; *small-scale mining permittees*; mga may-ari at *operators* ng *small-scale gold processing plants*; mga kawani at opisyales ng *DENR-V* at Pamahalaang Panlalawigan; mga kasapi ng *Provincial Mining Regulatory Board (PMRB)*; at mga mamamahayag.

Isa sa layunin ng nasabing pagpupulong ay pag-usapan ang mga nararanasang problema sa pagmimina at mabigyan ito ng kagyat na solusyon upang mapasigla ang industriya sa Camarines Norte, at makapagbigay ng maraming hanapbuhay sa mga mamamayan.

Samantala, bago sinimulan ang pagtalakay sa mga paksa ay nagbigay ng kanyang *welcome remarks* si Gobernador Edgardo A. Tallado kung saan lubos niyang pinasalamatan ang mga dumalo sa nasabing *mining summit.* Binigyang-diin niya ang

(Sundan sa pahina 3)





*Ang Mining Summit na isinagawa sa Golden Palace Restaurant na binuo ng MGB at pamahalaang panlalawigan sa pangu nguna ni Gob. Egay A. Tallado na dinaluhan*




*Kasama sina Provincial Legal Officer Sim O. Mata, Jr. at Gov. Edgardo A. Tallado (mga nasa gitna) ang mga mining executives mula sa kaliwa: PENRO Elpidio Z. Orata, CENRO Ponciano M. Mabeza, Jr., MGB V Reg'l Director Reynulfo A. Juan, at G.O.-EERMD Chief, Engr. Leopoldo P. Badiola.*

# Gob. Tallado, *LGU officials* dumalo sa *Alliance Building Workshop*




*Nakaupo sa presidential table simula sa kaliwa sina: Talisay Mayor Ronnie P. Magana, Basud Mayor Dominador S. Davocol Jr., Bise Gobernador Jonah G. Pimentel, Gobernador Edgardo A. Tallado, Jose Panganiban Mayor Ricarte R. Padilla, Paracale Mayor Romeo R. Moreno, San Vicente Mayor Joseph Stanley R. Alegre, at San Lorenzo Ruiz Mayor Nelson P. de los Santos.*

Pinangunahan ni Gobernador Edgardo A. Tallado ang paglagda sa isang *Pledge of Commitment* na sinuportahan din ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel, at lahat na punong bayan dito.

Ipinahayag nila rito na bilang mga halal na opisyal na binigyan ng mandato ng taumbayan upang mamuno, sila ay nagkakaisang nangangako na tapat na maglilingkod para sa kapakanan at kagalingan ng mga mamamayan dito.

Upang maisakatuparan ito, ipinangako nila ang mga sumusunod:

1. Masipag at mapagkakatiwalaang pagtupad sa kanilang gawain at obligasyon nang sama-sama sa pamamagitan ng pagtutugma ng mga istratehiya at direksyong pangkaunlaran.

2. Paghanap ng pinakamahusay na solusyon sa mga hamong kinakaharap ng bawat *local government unit (LGU)*sa pamamagitan ng pagbuo ng pagkakaisa *(alliance building)* sa kanilang hanay. Kabilang dito ang probisyon sa pinagsama-samang pagsisikap na panteknikal at pampinansyal ng mga proyoketong pangkaunlaran. Kasama rin dito ang pagpadali sa pagkumpleto ng *Compre-hensive Land Use Plan(CLUP)at Comprehensive Development Project*

(Sundan sa pahina 2)

# WEOs sumailalim sa seminar on rattan inventory

Isang *seminar* tungkol sa *rattan inventory* ang isinagawa kamakailan sa *multi-purpose hall* ng Abasig-Matogdon *Watershed Association, Inc. (AMWAI)* sa Brgy. Tulay na Lupa, Labo, Camarines Norte.

Dinaluhan ito ng 17 *Wildlife Enforcement Officers (WEO)* na pawang kasapi ng *AMWAI*. Isinagawa ang nasabing *seminar* sa layuning mabigyan ng angkop na impormasyon, kaalaman at kasanayan ang mga *WEOs* ukol sa mga pamamaraan at proseso sa pag-iimbentaryo ng mga tanim na *rattan*. Ito ay isang paraan upang maihanda sila sa isasagawa nilang pag-iimbentaryo ng mga itinanim na *rattan* sa *Abasig Matogdon Watershed Development Sub-Project-Community Based Resource Management Project* na ipinatupad ng Pamahalaang Panlalawigan katuwang ang *AMWAI* sa *Abasig Matogdon Mananap Natural Biotic Area (AMMNBA)*, Brgy. Tulay na Lupa, Labo, Camarines Norte, may isang dekada na ang nakararaan.

Ang pag-iimbentaryo ng *rattan* ay gagawin upang malaman ang *volume* ng nasabing *minor forest product* sa nabanggit na lugar na siyang gagawing batayan sa paghahanda ng *resource utilization plan (RUP)* nito.

Samantala, naging pangunahing tagapagsalita/tagapagtalakay sa *seminar* sina *Forester* Rusty Abrera, *Protected Area Superintendent (PASu)* sa *AMMNBA*, at *Forest Ranger* Elmer Unabia ng *Community Environment and Natural Resources Office* dito sa Daet.



Ang nasabing *seminar* ay itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environment Resource Management Division–Office of the Governor (EERMD-GO)* na pinamumunuan ng hepe nito na si *Engr.* Leopoldo P. Badiola, *supervising environmental management specialist*. **(GCBINAY)**

# Produksyon ng tiger grass, potensyal ng pagnenegosyo nito itinuro sa mga benepisyaryo ng SUMSP-Vinzons

Isang *"Training Workshop on Tiger Grass Production, Marketing Development and Financial Ma-nagement"* para sa mga benepisyaryo ng *Sustainable Upland Management Strategy Project (SUMSP)* ang isinagawa sa Brgy. Aguit-it, Vinzons, Camarines Norte noong Hulyo 2-3, 2010. Ito ay dinaluhan ng labimpitong (17) kasapi ng *Bagong Pag-asa sa Aguit-it Association, Inc. (BPSAAI)*.

Ang nasabing gawain ay itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division* na nasa ilalim ng *Office of the Governor (EERMD-G.O.)*.

Sa isang payak na programang idinaos bago ang nasabing *seminar*, ang kahalagahan at layunin ng *SUMSP* na ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan sa nasabing barangay ay ipinaliwanag ni Mr. Olfi C. Zabala, *Environmental Management Specialist II* na kumatawan sa hepe ng *G.O.-EERMD* na si *Engr*. Leopoldo P. Badiola, *supervising environmental management specialist.* Idinagdag pa ni Mr. Zabala na ang kooperasyon ng bawat kasapi ng asosasyon ay mahalaga upang matamo ang mga layunin nito at matiyak ang matagumpay na implementasyon ng *SUMSP* sa kanilang lugar.

Nagsilbi naman dito bilang mga tagapagsalita/tagapagtalakay sina Jose Sergio ng *Matacong Agro-Tree Planters Association, Inc. (MATPAI)* na tumalakay sa paksang *Tiger Production, Harvest/Post Harvest Handling* at *Broom-Making; Workshop/Hands-on on Broom Making*– Angelito Conda ng *MATPAI; Marketing Development/Planning* – Ms. Amy M. Lopez ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)*, at *Financial Management*–Ms. Marilyn P. Asis ng *PPDO*.

Ang *SUMSP* ay kasalukuyang ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan sa Brgy. Aguit-it, Vinzons katuwang ang *BPSAAI* matapos ang naging matagumpay na implementtasyon nito sa *Resettlement Area* sa Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz may ilang taon na ang nakararaan. ***(Gonzalo C. Binay)***



***Ang mga kasapi ng SUMSP-Vinzons na siyang lumahok sa training workshop ukol sa Tiger Grass production.***

# Gob. Tallado...

***(Mula sa pahina 1)***

*(CDP)* sa pamamagitan ng tuluy-tuloy at bukas na pagbibigay ng tulong na panteknikal at pang-administratibo sa lahat.

3. Pagpapabilis sa pagbibigay ng serbisyo sa pamamagitan ng pinagsama-samang pagsisikap at paghihilera ng mga programa at proyekto. Nakapaloob din dito ang pagpapatatag ng samahan sa pagitan ng mga *LGUs-Non-Government Organizations (NGOs)-PS (counterparting* scheme*)* sa pagpapatupad ng mga prayoridad na proyekto.

4. Bumuo ng epektibo at may pananagutang pamahalaang lokal sa lalawigan sa susunod na tatlong (3) taon sa pamamagitan ng *transparency in governance*.

Kaugnay nito, ipinangako rin nila na ihahanda nila ang kani-kanilang *Executive and Legislative Agenda (ELA)* na magiging gabay nila sa pagtupad sa kanilang

***(Sundan sa pahina 6)***

# Gamit pansaka ipinamahagi sa BPSAAI

Ang Pamahalaang Panlalawigan ay nagkaloob sa *Bagong Pag-asa sa Aguit-it Association, Inc. (BPSAAI)*, Brgy. Aguit-it, Vinzons, Camarines Norte ng mga kagamitan sa pagsasaka para sa proyektong *Sustainable Upland Management Strategy Project (SUMSP)* na kasalukuyang ipinatutupad ng nabanggit na lokal na pamahalaan sa nasabing barangay.



Ang mga nasabing kagamitan na kinabibilangan ng 17 itak, 2 kalaykay, 2 piko, at 2 asada ay ipinagkaloob sa nasabing samahan ng *Office of the Governor* sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division (EERMD)* na pinamumunuan ng hepe nito na si *Engr.* Leopoldo P. Badiola.

Ito ay isinagawa sa pamamagitan ng isang simpleng seremonya matapos ang dalawang araw na *Training Workshop on Tiger Grass Production, Marketing Development and Financial Management* para sa mga kasapi ng *BPSAAI* na ginanap sa Brgy. Aguit-it noong Hulyo 2 -3, 2010.

Ayon kay Gng. Clarita Lagones, pangulo ng *BPSAAI*, ang nabanggit na mga kagamitan ay malaking tulong sa samahan at mga kasapi nito tungo sa pagpapaunlad ng kanilang pamayanan sa pamamagitan ng proyektong *SUMSP* na inilunsad ng pamahalang panlalawigan sa kanilang barangay

Ang *BPSAAI* ay binubuo ng 17 magsasaka sa kabundukan at katuwang ng pamahalaang panlalawigan sa pagpapatupad ng *SUMSP* sa nasabing barangay. ***GCBinay)***

# Mining summit...

*(Mula sa pahina 1)*

pagsuporta ng kanyang administrasyon sa industriya ng pagmimina sa lalawigan. Binanggit din ng gobernador na kakausapin niya si Kalihim Horacio Ramos Alcala ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* upang maiparating dito ang kanyang mga programa para maisulong ang industriya sa lalawigan.

Samantala, ang mga sumusunod na paksa ay tinalakay sa pulong: *Overview of the Philippine Mining Industry* na ibinigay ni *Regional Director* Reynulfo A. Juan ng *MGB-V*; *Overview of the Mining Industry in Camarines Norte and Status of Large Scale Mining Applications/Agreement/Permits – Engr.* Daniel S. Sombanon, *MGB-V*; *Status of Small Scale Mining/ Quarry/Mineral Processing Applications/Permits and Revenue Generated at Updates on Provincial/ Municipal Ordinances Related to Mining – Engr*. Leopoldo P. Badiola, *ENRO LGU*; *Social Development and Management Program (SDMP) and Proposed Creation of Mines Rehabilitation Fund Committee (MRFC) for Small Scale Mining – Engr.* Guillermo A. Molina, *MGB-V*; *DENR MC No. 2010-04 (Mining Tenement Reforms and Mineral Ore Export Permit (MOEP) – Engr.* Ricardo P. Nacional, *MGB-V*.



***Nagbibigay ng kanyang katanungan at reaksyon si G. Bing Abaño, isa sa mga dumalo sa ginanap na Mining Summit.***

Nagkaroon din ng *open forum* kung saan tinugon ang katanungan ng mga dumalo at nabigyang-linaw ang ilang isyu at usapin patungkol sa pagmimina na mahusay na nasagot at naipaliwanag ng mga naging tagapagtalakay.

Sa pangwakas na pananalita na ibinigay ni *MGB V Regional Director* Juan, pinasalamatan niya ang mga dumalo dahil sa kanilang naging aktibong partisipasyon sa idinaos na pulong. Binanggit din niya na bilang tugon sa naunang kahilingan ng gobernador, pansamantala munang ipagpapaliban ang reorganisasyon ng *PMRB* na isa sana sa mga nakatakdang gawain sa idinaos na *mining summit*.

Itinuturing naman na naging matagumpay at mabunga ang nasabing *Provincial Mining Summit* na isinagawa. ***(Gonzalo C. Binay)***

# Dental Mission sa CNPJ itinaguyod ng DepEd, pribadong grupo at indibidwal

Ang *Department of Education (DepEd), Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)*, at mga pribadong indibidwal ay nagtulong-tulong kaya maayos na naisagawa noong Hulyo 30, 2010 ang *Dental Mission* para sa mga nakadeteni sa CNPJ na nasa ilalim ng pamamahala ng *Office of the Governor-Provincial Custodial and Security Services Division (G.O.-PCSSD)*.

Umabot sa 50 na mga *inmates* ang napagkalooban ng naturang libreng *dental services* at gamot na ipinagkaloob ng mga pampubliko at pribadong institusyon sa ating lalawigan. Ito ay bilang pagtugon sa ilang pangunahing panganga ilangang pangkalusugan/medikal ng ating mga kapatid sa piitan.

Ang nabanggit na gawain ay karaniwang ipinatutupad tuwing buwan ng Oktubre bawat taon na kabilang sa mga itinatampok na programa ng *CNPJ-PCSSD* sa taun-taong pagdiriwang dito ng *National Correctional Consciousness Month*. Naisakatuparan ito dahil sa pagpupunyagi ng bagong pamunuan ng *CNPJ-PCSSD*. Madaling naibigay ang naturang serbisyo sa mga preso dahil sa maagang paglilingkod ng kanilang tanggapan.

Kaugnay nito, malugod na ipinaabot ng pamunuan ng *CNPJ-PCSSD* ang taus-pusong pasasalamat nito sa lahat ng mga naging kaagapay nito na naging daan upang maging matagumpay ang nasabing *Dental Mission*. Partikular nitong pinasalamatan ang *DepEd* na pinamumunuan ni *Schools Division Superintendent* Arnulfo Balane, ang dentista mula sa *DepEd* at kanilang mga kasamahan, si Mrs. Boling Aberia para sa *anesthesia*, Ma. Christina Liwanag para sa *medical supplies*, at G. Art Teves na nagbigay ng pananghalian para sa mga kabilang sa naturang *Dental Mission*.

Ito ay isang pagpapatunay sa payak at makabuluhang pagsisikap upang mapaglingkuran ang ating mga preso na aktibong sinuportahan ng ating mga kababayan na walang sawang nakikipagbayanihan. Ito ay sa pangunguna nina *Chief Rehabilitation* Randy A. Sayno, *R.N.* at *APW* Reynaldo N. Pajarillo, R.Cr. sampu ng mga kasamahan nila sa *PCSSD*. ***(PCSSD-CNPJ)***

# 32nd National Disability Prevention...

*(Mula sa pahina 4)*

petsa ng kaarawan ng Dakilang Lumpo na si Apolinario Mabini tuwing ika-23 ng Hulyo ng bawat taon.

Bilang karagdagan, nakapaloob naman sa *Administrative Order No. 35* ang tagubilin sa lahat ng kagawaran *(departments)*, kawanihan *(bureaus)*, korporasyong pag-aari at kontrolado ng pamahalaan *(GOCCs)*, institusyong-pinansyal ng pamahalaan *(government financial institutions)*, pamahalaang lokal, unibersidad/kolehiyong pang-estado, paaralan, at iba pang pampamahalaang ahensya/tanggapan na itaguyod at magsagawa sila ng mga angkop na aktibidad sa panahon ng taun-taong pagdiriwang ng *NDPR Week*.

Itinalaga rin nito ang *National Council for the Welfare of Disabled Persons (NCWDP)* bilang tagapanguna sa pagsasagawa ng serye ng mga gawaing sangkot ang pamahalaan at mga pribadong ahensya. Ang pangunahing layunin nito ay mabigyang-diin ang pambansang pagsisikap na maipaabot sa lahat ng mamamayan ang mga kaukulang kaalaman at impormasyon para makaiwas sila sa pagkakaroon ng kapansanan. Nakalakip din dito ang mga programa para sa rehabilitasyon ng mga may kapansanan na daan upang sila ay epektibong maisama/mapasama sa normal na daloy ng lipunan. ***LT IBASCO/pswdo***




# EDITORYAL

## Pahayagang Bantayog ng CNorte sumasagisag kay Gat Jose Rizal

MARAMING lugar dito sa Pilipinas ang maaaring matukoy kung saan, sa pamamagitan lamang ng sagisag nito. Banggitin ang Benguet at agad sasagi sa isipan ang rice terraces. Kapag binigkas ang Tagaytay ay agad makikita sa ating balintataw ang larawan ng Bulkang Taal. Hindi na kailangang itanong pa kung saan matatagpuan ang Bulkang Mayon dahil alam ng lahat na ito'y nasa lalawigan ng Albay, at ang *Chocolate Hills* ay masusulyapan sa Bohol sa lugar ng Kabisayaan.

Ito ang dahilan kung bakit is bisa ng *Executive Order No. 2010-26* na ipinalabas ni Gob. Edgardo A. Tallado, muling ibinalik ang pangalang "Bantayog" sa pangharap at likod na pahina ng pahayagang ito. Kung tutuusin, "Bantayog" ang orihinal na pangalan ng pahayagang ito. Ginawa lamang itong "Batingaw" upang bigyan ng sariling katawagan na naaayon sa sinundang punong-lalawigan sa panahon nito.

Subali't maganda ang dahilan kung bakit ibinalik sa dating pangalang "Bantayog" ang peryodikong ito. Isang bukal ng pagmamalaki sa bawa't mamamayan ng Camarines Norte ang katotohanang dito unang kinilala ang kabayanihan ni Gat Jose Rizal sa pamamagitan ng pagtatayo ng kaunaunahang bantayog na dumadakila sa kanyang pagiging martir at kung saan ang Camarines Norte ay kilala rito maging sa buong mundo.

Alalaon-baga, marapat lamang na ipagbunyi ng pamahalaang panlalawigan na dito sa Camarines Norte itinayo ang unang bantayog ni Rizal sa pamamagitan ng paglalapat ng pangalang "Bantayog" sa pahayagang ito.

Walang maaaring makakuha ng karangalang ito, at ipakita natin sa buong bansa na ibinabandila natin ang Unang Bantayog ni Rizal sa pahayagang inililimbag ng pamahalaang panlalawigan para sa kaalaman ng mga mamamayan ng Camarines Norte. At sana naman ay hindi na mapalitan pa ito, sinuman ang uupong gobernador ng lalawigang ito.

# 32nd National Disability Prevention and Rehabilitation (NDPR) Week ipinagdiwang

Matagumpay na ipinagdiwang noong Hulyo 17-23, 2010 sa labindalawang (12) bayan ng lalawigan ng Camarines Norte ang *32nd National Disability Prevention and Rehabilitation (NDPR) Week* ngayong taon na may temang: "*Sa Istrukturang Accessible, Lahat ay Able*".

Ito ay sinuportahan ng administrasyon ni Gobernador Edgardo A. Tallado sa pamamagitan ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* na pinamumunuan ni Ms. Lorna C. de Claro, *Provincial Social Welfare and Development Officer*. Itinaguyod nito ang 1-araw na gawain noong Hulyo 21, 2010 na idinaos sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* na dinaluhan ng humigit-kumulang 150 kabataang maykapansanan na mula pa sa iba't-ibang paaralan sa lalawigan.

Kabilang dito ang pamamahagi ng pamahalaang panlalawigan ng P500.00 *educational assistance* sa ilang piling estudyanteng may kapansanan sa *Daet Elementary School (DES) SPED Center*. Ito ay pinangunahan ng kinatawan ng gobernador na si *Exec. Asst. IV/OIC Provincial Administrator* Jose G. Boma. Ang *Baldovino Elem. School SPED Center* sa Brgy. Camambugan, Daet ay binigyan ng isang *television set* na malaking tulong umano sa kanilang pagtuturo. Pinagkalooban naman ng *Camarines Norte Government Workers Multi-Purpose Cooperative (CNGWMPC)* ng iba't-ibang *school supplies* ang grupo ng mga batang bingi at pipi *(deaf and mute)* sa *Abaño Pilot Elem. School*. Ito ay bahagi ng *community outreach activity* ng *CNGWMPC* na regular na tumutulong sa mga proyekto ng *PSWDO*.

Mas naging makulay ang selebrasyon ngayong taon dahil sa ibinigay na suporta ng mga regular na isponsor nito katulad ng *Kiwanis Club of Daet* na nagbigay sa mga bata ng espesyal na lugaw. Ang *Jollibee Daet* ay nagkaloob din ng libreng meryenda at nagsagawa ng iba't-ibang *parlor games*. Nagpakitang-gilas din sa pagsayaw ang kanilang *Jollibee mascot* na labis na ikinatuwa ng mga kabataang may kapansanan. Ang *ABS-CBN Naga* naman ay namigay rin ng mga *school supplies* at ipinalabas sa ***tv*** ang okasyon. Ikinatuwa ito ng mga bata dahil nagkaroon din umano sila ng pagkakataon na makita at mapanood sa *ABS-CBN Bicol*.


Lorna C. De Claro
PSWDO

Samantala, binigyang-diin ng tema ngayong taon na kung mabibigyan ng sapat at angkop na oportunidad ang mga *PWDs*, magkakaroon sila ng kakayahan na maging produktibong mamamayan, at oportunidad na magkaroon ng matagumpay na buhay.

Bilang karagdagan, ang *NDPR Week* ay ipinagdiriwang tuwing Hulyo 17-23 ng bawat taon upang bigyang-parangal at pagkilala ang mga kababayan nating may kapansanan, at bilang paggunita sa Dakilang Paralitiko na si Apolinario M. Mabini na ipinanganak noong Hulyo 23, 1864. Si Mabini na may palayaw na Dakilang Lumpo ay tinagurian ding Utak ng Rebolusyon.

Ang naturang pambansang selebrasyon na taun-taong isinasagawa ay susog sa *Proclamation No. 361* na may petsang Agosto 19, 2000, at *Administrative Order No. 35* na may petsang Mayo 3, 2002. Itinatakda sa ilalim ng proklamasyon ang ikatlong linggo ng Hulyo bilang *National Disability Prevention and Rehabilitation (NDPR) Week* na nagtatapos sa

*(Sundan sa pahina 3)*

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.









# Maculabo Island

by Atty. Debbee Francisco

Sa mga nagtitipid, ngunit naghahanap ng sulit na mapupuntahan dito sa ating lalawigan, isina-*suggest* ko sa inyo ang *Maculabo Island*.

Alas-singko pa lamang ng umaga, gumising na kami ng aking kapatid at pamangkin dahil gusto naming siguraduhing aalis kami sa pandawan ng Brgy. Palanas sa Paracale bago mag-alas siyete upang masiguro ang kalmadang byahe patungo sa *Maculabo Island*.

*Excited* na *excited* kaming magkapatid dahil *for the first time* ay mayroon na kaming sariling *tent*. Tamang-tama naman na sa islang iyon namin bibinyagan ang *tent* dahil sa lahat naman ng lugar dito sa Camarines Norte, ang pinakapaborito naming puntahan ay ang Maculabo.

Pagdating sa pandawan, siningil ko na lahat ng aking kasama para sa bayad sa bangka nagkakahalaga ng dalawang libo para sa aming sampu. Tig-dadalawang daang piso ang bayad, balikan. Akala n'yo ba makakalibre ang aking pamangking 9 *years old*. Hindi, ah.. mag-i-*enjoy* rin siya kaya dapat magbayad din ng pamasahe. Pinag-ipunan niya 'yon ng dalawang linggo.

Tanaw pa lang namin ang isla ay ibang klaseng kukulit na ng aking mga kasamang *first timers* doon. Wala silang masabi kung di, 'napakaganda!' Saka nagtanong kung ganun din daw ba kaganda ang Boracay *Island*, sabay labasan ng kani-kanyang *camera* at saka nagpiktyuran nang piktyuran, kaliwa't kanan.

Sa isip-isip ko lang, di pa nga kayo nakakarating sa isla para na kayong nasa buwan. Hintayin ninyong makatapak kayo at siguro para kayong nasa langit. Naunawaan ko naman kung bakit ganoon na lang ang kanilang reaksyon, malayo pa kasi kami ay kitang kita na ang puting-puting buhangin ng isla. Sa haba pa ba naman ng bughaw na dagat na aming tinawid, tapos biglang sa dulo ay may linyang puti na tila ba bula ng alon na bumasag na sa dalampasigan, kaya't di sila halos makapaniwala na iyon na ang *white sand beach* ng Maculabo.

Paghinto ng bangka sa dalampasigan, talunan na kami agad. Parang nantutuya, inulit ng pamangkin ko ang sinabi nya noong unang beses n'yang nakapunta roon, "*Tita, nasa Pilipinas pa ba tayo*?"

"Oo, nasa Pilipinas ka pa. Ito ay parang Boracay noong unang nakapunta ako rito noong taong 1990. Mala-pulbos ang pagkapino ng puting buhangin nito. *Virgin* pa ito, ika nga dahil di pa *developed*. Mabuti nga at kakaunti pa lamang ang may alam. Sobrang puti ng buhangin nito, nakakasilaw sa liwanag. At pag swinerte ka, depende sa tindi ng sikat ng araw, mas mainit, mas makulay ang dagat. Isipin mo ang kulay na *blue* at *green*, lahat ng *shades* nito: *light blue, baby blue, dark blue, aquamarine, azure, cobalt blue, green, light green, blue green, dark green*. Lahat ng kulay na 'yan, makikita mo sa tubig-dagat. Whew! Sasakit ang mga mata mo sa katitingin sa subra-sobrang magandang tanawin na ito.

Marami na akong napuntahang mga *white sand beaches*, pero ang pinakakakaiba sa Maculabo ay ang *super duper* ganda ng kulay ng tubig-dagat nito na siyang binabalik-balikan ko. Kailangan kong balikan dahil kahit gaano ka-*powerful* ng *camera* ko (*Nikon, 14 mega pixels*), hinding-hindi nito kayang eksaktong mahuli ang ganda ng dagat ng Maculabo. Marunong din talaga ang *Mother Nature*, parang sinasabi sa akin, "Kung gusto mong makita muli, puntahan mo ... 'wag kang umasa na lang sa mga kuha mong *pictures*."

Ilang sandali pa, sinalubong na kami ng mga naging kaibigan ko roon, sila Manong Garet, sabay sabing nakahanda na raw ang kubong aming tutuluyan.

Nagsilagay na kami agad ng *sunblock*, at nagkwentuhan habang pinatutuyo ito. Pagkatapos ay nag-uunahan kaming lumusong. Sa Maculabo, hindi uso ang dahan-dahang paglubog sa tubig. Talon agad! Mainit ang panahon, pero ramdam na ramdam ko ang lamig ng tubig sa ilalim. *A heaven here on earth*.

Kakain na ng tanghalian, pero hindi pa rin umaahon ang aking pamangkin dahil nakakuha na roon ng mga bagong kalarong mga bata. Kung hindi pa binuhat ng tatay n'ya at pinangakuang pwede na naman siyang maligo *after 3:00 p.m.* ay 'di pa talaga paaawat ang bata.

At tuwing pumupunta kami rito, siguradong me dala-dala kaming karneng-baboy na iihawin. Sa hirap kasi ng buhay ng mga taga-Maculabo, minsan ay di sila nakakakain ng karneng-baboy sa loob ng isang taon. Kaya't iyong karneng-baboy ang ipinambayad namin sa paggamit ng kubo at pagpapakuha ng tubig mula sa bubon. Minsan nga binibigyan namin sila ng karneng-baboy kapalit ng kanilang bagong huling isda.

Doble swerte kami sa pagpunta namin doon dahil *super* din ang *view* ng *sunset* sa bandang hapon. Noon lang ako nakakita roon ng sobrang gandang *sunset*. *First time*. Gusto kong umiyak ng mga oras na iyon kasi talagang di na kayang ma-*capture* ng *camera* ko ang mga ganoong *scenery*. Kapag gabi kasi, para makuha mo ang magagandang tanawin tulad ng mga *Christmas lights*, *fireworks display* o *sunset* kaya, ibang klaseng *powers* na naman ng *camera* ang kelangan mo. E, wala ako no'n. Kaya naman hangga't kaya kong i-*memorize* ang kakaibang *sunset* na iyon ay ginawa ko.

Maaga akong natulog nang gabing 'yon habang ang mga kasamahan ko ay nagkwentuhan at naglaro pa. Pero di ko 'yun pinagsisihan dahil paggising ko bandang alas sais ng umaga, habang sila naman ay natutulog pa, ay may bumulaga sa aking *rainbow*. *Rainbow*?? *Yes, rainbow*. Grabe, 'di ko na maalaala kung kelan ako huling nakakita ng *rainbow*. Naisip ko tuloy na siguro ay may tama akong ginagawa kaya binibiyayaan ako ng magagandang tanawin – *God's art was in full display in the seascape, sunset* at ngayon ay *rainbow*…?

Marami pang pwedeng gawin sa Maculabo tulad ng *rock climbing*, pero hindi ko nagawa sa byaheng ito. Umaapaw na kasi ang katuwaan ko, baka masobrahan na kapag nilibot ko pa ang isla. Iwan ko na lang 'yan para sa susunod na byahe ko roon. Bukas? Malay mo.

Bumabalik-balik ako sa Maculabo dahil tuwing pumupunta ako roon ay mayroong bagong karanasang naghihintay sa akin doon.



# Arcos ng SFNHS wagi sa slogan-making contest

Kaalaman na Dala ng Libro, Sandata Natin sa Pag-asenso". Ito ang lahok ni Mark N. Anthony Arcos ng *San Felipe National High School (SFNHS)* na naging daan para makuha niya ang unang puwesto sa *Slogan-Making Contest* na isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Aklatang Panlalawigan ng Camarines Norte noong Hulyo 15, 2010. Ang patimpalak ay bahagi ng isinagawang selebrasyon dito ng *National Children's Book Week* na may temang: "Ang Nagbabasa ng Libro ay Laging Panalo".

Pumangalawa rito si Saldy V. Montalban na mula pa rin sa *SFNHS*, at pumangatlo naman si Ann O. Bingabing ng *Vinzons Pilot High School (VPHS)*.

Kaugnay nito, sila ay pinagkalooban ng mga kaukulang medalya, at premyong tig-P1,000.00, P750.00 at P500.00, ayon sa pagkakasunod. Ang *coaches* ng lahat na kalahok ay binigyan ng kaukulang *certificate of appreciation* at tropeyo naman para sa mga paaralang kinatawan ng mga estudyanteng nanalo sa paligsahan. Ang lahat na gawa ng mga kalahok ay idinispley naman sa Aklatang Panlalawigan.

Bagama't maulan at kadaraan pa lang ng bagyong 'Basyang', hindi ito naging hadlang para makadalo sa nabanggit na patimpalak ang mga mag-aaral mula sa iba't-ibang paaralan sa lalawigan. Maging ang maybahay ni Gob. Edgardo A. Tallado na si Gng. Josie Baning-Tallado ay hindi natinag nang masamang panahon para makarating sa okasyon bilang miyembro ng

(Sundan sa pahina 6)




*Ipinagkakaloob nina First Lady Josie Baning-Tallado at Ms. Roselie F. Dacudao sa first prize winner galing sa San Felipe National High School ang tropeyo at gantimpalang salapi samantalang nakamasid ang kanyang coach (dulong kaliwa) ganundin sina CAO IV Purita P. Briñas at OIC Provincial Librarian Lorenia C. Tuazon (ikalawa at una mula sa kanan) at si LSD Staff Jun Moya (bahagyang natatakpan) .*

# Gob. Tallado...

(Mula sa pahina 2)

mga binitiwang pangako.

Ang nabanggit na *Pledge of Commitment* ang pinakamahalagang *output* sa 2-araw na *Building Synergy for Effective Governance: An Alliance Building Workshop for the Provincial Government of Camarines Norte* na idinaos noong Hulyo 28-29, 2010 sa *Pineapple Island Resort* sa Brgy. Calasgasan, Daet, Camarines Norte. Ito ay magkatuwang na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at *Department of the Interior and Local Government (DILG) Provincial Office.*

Dumalo rin dito ang pinuno ng iba't-ibang departamento ng pamahalaang panlalawigan, at hepe ng mga dibisyon na nasa ilalim ng Tanggapan ng Gobernador susog sa Memorandum Blg. 100716-09 na una nang ipinalabas ng Tanggapan ng Gobernador.

Samantala, sa programang isinagawa sa unang araw ay nagbigay ng *welcome address* si Bise Gobernador Jonah G. Pimentel, at mensahe naman si Gobernador Edgardo A. Tallado. Ito ay sinundan ng paglalahad ni *DILG Provincial Director* Robin M. Mercado sa *rationale of the activity*.

Tinampukan din ito ng *Presentation of the Provincial Development and Physical Framework Plan (PDPFP)* at *Presentation of the Local Governance Performance Management System (LGPMS) Results* na kinabibilangan ng *State of Local Development Report* at *State of Financial Performance Report* na ibinigay ni *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator (PPDC).*

Matapos na mailahad ni *OSS Chief* Joel Emory R. Villa ng *DILG Provincial Office* ang *summary of findings (Consolidated LGU Reports)*, isinagawa ang *Workshop I - Analyzing LGU Situation* na pinangasiwaan ng Sangguniang Panlalawigan/ *department heads* ng pamahalaang panlalawigan.

Ang *Lecturette: Executive Legislative Agenda Formulation Process* naman ay ibinigay ni Engr. Dave de Guzman, *Technical Services Division (TSD) Chief, DILG Regional Office*. Sinundan ito ng *Workshop II- Preparation of ELA (Province and Municipalities)* na isinapinal sa ikalawang araw.

Sa ikalawang araw, tinalakay ni *DILG Regional Director* Blandino Maceda ang paksang *Building Alliances*. Pinangunahan naman ni Bise Gob. Pimentel ang *Presentation of ELA (Province)*, at ang *Presentation of Highlights of the ELA (Municipal)* ay isinagawa ng mga kinauukulang punong bayan.

Ang 2-araw na gawain ay isinakatuparan bunsod ng pag-upo sa tungkulin ng mga bagong halal na opisyal sa panlalawigan at pambayang sangay ng pamahalaang lokal.

Layunin nito na mabuo ang pagtutulungan sa pagitan ng mga bagong halal, at muling nahalal na mga opisyal ng mga pamahalaang lokal sa lalawigan. Ito ay upang lubusang maisulong ang epektibong pamamahala sa mga kaukulang sangay ng pamahalaan, at nang sa gayon ay matamo ang tunay na pagbabago at pag-unlad ng Camarines Norte. ***LT IBASCO***

# Ore transport permit tumaas

Umabot sa 894 *ore transport permits (OTPs)* ang naipalabas ng Tanggapan ng Punong Lalawigan sa iba't-ibang *small-scale mining permittees (SSMPs)* sa unang semestre ng taong 2010 (Enero-Hunyo) upang makapagbiyahe ng iba't-ibang *mineral commodities* palabas ng lalawigan na may kabuuang 71,588 metriko tonelada (MT).

Ayon sa talaan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor (GO-EERMD)*, ang naipagkaloob na *OTPs* simula E-nero hanggang Hunyo 2010 ay tumaas ng 94.77% kung ihahambing sa *OTPs* na naipagkaloob noong Enero hanggang Hunyo 2009 na may kabuuang 459 *OTPs*. Samantala, tumaas naman ito ng 77.02% kung ihahambing sa naipagkaloob na *OTPs* noong Enero hanggang Hunyo ng taong 2008 na may kabuuang 505.

Noong unang semestre ng taong 2009, bahagyang tumamlay ang industriya ng pagmimina sa lalawigan. Mapapansing bumaba ng 9.10% ang *OTPs* na naipagkaloob sa mga *SSMPs* noong unang 6 na buwan ng nabanggit na taon kung ihahambing sa bilang ng *OTPs* na naipagkaloob noong unang 6 na buwan ng taong 2008.

Simula Enero - Hunyo ng taong 2008, pumalo sa 84-85 *OTPs* ang buwanang naipagkaloob sa mga *SSMPs*. Noong Enero – Hunyo, 2009 naglalaro lamang sa 76-77 *OTPs* ang buwanang naipagkaloob samantalang tumaas hanggang 149 *OTPs* ang buwanang naipagkaloob sa mga *SSMPs* noong Enero-Hunyo 2010.

Narito ang buwanang tala ng mga *OTPs* na naipagkaloob simula taong 2008 hanggang 2010 para sa mas malinaw na pagkaunawa:

| *Buwan* | 2008 (OTP) | 2009 (OTP) | 010 (OTP) |
|---|---|---|---|
| Enero | 29 | 22 | 49 |
| Pebrero | 64 | 105 | 109 |
| Marso | 94 | 199 | 163 |
| Abril | 141 | 56 | 177 |
| Mayo | 57 | 9 | 207 |
| Hunyo | 120 | 68 | 189 |
| Total | 505 | 459 | 894 |
| | 84-85/mo. | 76-77/mo. | 149/mo. |

Inaasahan namang higit pang sisigla ang industriya ng pagmimina sa Camarines Norte sa susunod na 6 na buwan ng taong 2010 na makapagbibigay ng dagdag na trabaho at hanapbuhay sa mga taga-lalawigan at pasok na pera sa mga lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng buwis mula rito. ***(GCBinay)***

# 2010 Final IRA ng CNorte ipinalabas ng DBM

Ipinalabas ng *Department of Budget and Management (DBM)* ang *Local Budget Memorandum (LBM) No.63* na may petsang Hunyo 23,2010. Nilalaman nito ang *2010 Internal Revenue Allotment (IRA)* ng lalawigan ng Camarines Norte at labindalawang (12) bayan nito.

Ang mga *sumusunod* ay ang bahagi *(share)* ng lalawigan at iba't-ibang bayan dito:

- Basud - P64,724,910.00
- Capalonga - 60,901,506.00
- Daet - 95,588,244.00
- J. Panganiban - 71,311,016.00
- Labo - 130,281,044.00
- Mercedes - 64,447,718.00
- Paracale - 67,941,027.00
- San Lorenzo Ruiz - 34,415,751.00
- San Vicente - 27,801,942.00
- Sta. Elena - 62,049,500.00
- Talisay - 36,764,293.00
- Vinzons - 58,621,921.00
- Camarines Norte - 542,113,850.00

Ang *FY 2010 IRA* na ito rin ang magiging basehan ng mga *local government units (LGUs)* sa paghahanda ng kanilang badyet para sa taong 2011 na gagawin ayon sa mga tagubilin na nakapaloob sa *Local Budget Memorandum (LBM)* na ito. ***(EPAdorna)***

# Eleksyon ng SCAACN isinagawa; *Gonzales nahalal na pangulo nito*

Isinagawa kamakailan ang eleksyon ng *Science Club Advisers' Association of Camarines Norte (SCAACN)* para sa *SY 2010-2011* kung saan nahalal na pangulo nito si Carmen Gonzales, *master teacher II* mula sa Larap Elementary School, Brgy. Larap, Jose Panganiban.

Naluklok naman bilang pangalawang pangulo nito si Doris F. Andrade, *Grade VI-SPED Adviser* ng *Daet Elem. School (DES).*

Napili naman sina Lani T. Elnar *(Briñas Elem. School, Basud)* at Rosanna Zenarosa bilang *SCAACN secretary, standing* at *seating*, ayon sa pagkakasunod. Ang iba pang nahalal na opisyal ay ang mga sumusunod: Ingat-Yaman - Edna Matubang; Tagasuri - Rommiel Apuya; P.I.O. - Nelson Coreses *(Tagalog Speaking)*, at Arnel dela Pasion *(Bicol Speaking)*; *Business Managers* - Sarah Opeda, Armanda Bravo at Leonardo Amores, at *Board of Directors* – Juliet dela Cruz, Arlene Yanto, Annaliza Satarain, Lour-des Cristy Ubana at Rowena Bernas. Tumatayo naman bilang tagapayo ng grupo si Ma. Flora T. Pandes, *EPS 1 – Science.*

Ang *SCAACN* ang nangangasiwa sa pagpapatupad ng iba't-ibang *science-related programs, projects and activities* na isinusulong ng *Department of Education (DepEd)* sa buong bansa. ***LANI T. ELNAR***

# Arcos ng SFNHS ...

(Mula sa pahina 5)

inampalan. Nakasama niya sa grupo ng mga hurado sina *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas ng *Governor's Office-CAO*; Dr. Ronaldo U. Diezmo, *DVM* ng *Provincial Veterinary Office (PROVET)*; *Supervising Environmental Management Specialist Engr.* Leopoldo P. Badiola ng *G.O.-EERMD*, at *Public Safety and Emergency Management Officer* Arnel S. Ferrer ng *G.O.-PSEMO.*

Maliban sa naturang patimpalak, nagsagawa rin ng *film showing* ang Aklatang Panlalawigan noong Hulyo 12, 2010 na dinaluhan ng tatlumpu't tatlong (33) *preschoolers* mula sa *Daet Elementary School (DES)*. Dumalo naman dito noong Hulyo 15, 2010 ang apatnapu't-isang (41) mag-aaral mula sa *Zurbano Elementary School (ZES)* na nasa ikalimang baytang. Samantala, hindi na nagawang dumalo pa ng mga mag-aaral ng *Vicente Basit Memorial High School (VBMHS)* sa itinakdang *film showing* dahil sa sama ng panahon. ***DARIO C. DIME***

# Protektahan ang buhay ng mga Pilipino, itigil ang organ trafficking! - Panawagan ng mga NGOs

Protektahan ang buhay at kalusugan ng mamamayang Pilipino. Itigil ang *Organ Trafficking! (Protect the lives and health of the Filipino people. Stop Organ Trafficking!)*. Ito ang nagkakaisang panawagan ng mga *non-government organizations (NGOs)* sa mga kinauukulang ahensya ng pamahalaan.

Kaugnay nito, ang *Philippines Against Child Trafficking* (***PACT***) at *End Child Prostitution, Child Pornography and the Trafficking of Children for Sexual Purposes* (***ECPAT***) ay ipinahayag ang pangako na protektahan ang mga mahihirap na sektor na nasasadlak sa pagbebenta ng iba't-ibang *human organs*, partikular na ang *kidneys*.

Ang mga nasabing organisasyon ay nagpakita ng pagkaalarma sa pahayag na ginawa ni bagong *Department of Health (DOH) Secretary* Enrique Ona sa mga isyu patungkol sa *organ transplantation*. Sa kabila ng pagbaligtad o pagbawi ni *Sec.* Ona, ang plano nito na kanselahin ang pagbabawal *(ban)* sa *organ donations* sa mga dayuhan at pagpahintulot sa pagbabayad/pagbibigay ng 'pabuya' *('gratuity')* sa mga *donors* ay nananatili.

"Ang pagbabawal ay nananatili sa kasalukuyan," pahayag ni Sec. Ona sa interbyu sa kanya sa programang SAKSI ng *GMA Network* kamakailan. *("The ban stays as of now," Secretary Ona said)*.

Ang pagbabawal sa mga dayuhan na makakuha ng *organ* mula sa mga *Filipino donors* ay ipinalabas ng *DOH* noong 2008 bilang tugon sa lumulobong *black market sale* ng *internal organs* sa Pilipinas. Ang kautusan ay inilatag para maprotektahan ang mga mahihirap na sektor na siyang pinakalantad sa naturang eksploytasyon/pagsasamantala.

Base sa pag-aaral sa mga *organ providers* sa *Quezon Province* na isinagawa ng *Kidney Vendors Study Group* simula 2008, ang mga *organ providers* ay nakukumbinsi dahil sa bayad, na hindi rin naman nakatutulong para umunlad ang kanilang kalagayang pang-ekonomiya ó makapagbigay ng permanenteng mapagkukunan ng kita. Sa pag-aaral ay naidokumento ang isang kaso ng nagbigay ng bato *(kidney provider)* na wala pang 18 taong gulang nang sumailalim ito sa operasyon. Gayunman, maaaring may iba pang biktima na may edad na mababa pa sa 18 taon. Ayon sa mga *kidney providers*, ang kanilang mga pangalan at petsa ng kapanganakan ay hindi maayos na binirepika ng alinmang kawani ng ospital bago ang *transplantation*. Ipinakita nito na ang mga kabataan ay nanganganib din na matrapik para sa pagbebenta ó pag-aalis ng bahagi ng kanilang katawan.

Samantala, ang mga anak ng mga *organ providers* ay apektado rin dahil sa nakikitang pagsamâ ng kundisyong pangkalusugan ng kanilang magulang dahil sa kakulangan ng *proper screening* bago ang *transplantation*, at ang mahirap na pamumuhay pagkatapos nito. Sa bandang huli, ang pangangailangan ng mga *organ providers* ay dapat tugunan ng *DOH* at *Department of Social Welfare and Development (DSWD)*.

Ang pangkalahatang *policy statements* sa ilalim ng *DOH Administrative Order No. 2010-0018* ay kinabibilangan ng –

- Ang bayad bilang kundisyon sa pagbibigay ng bato *(kidney)* at pagbenta at pagbili ng mga bato ng mga *kidney vendors/commercial donors* ay mahigpit na ipinagbabawal.
- Ang paglilipat ng bato *(kidney transplantation)* ay hindi bahagi ng turismong-medikal *(medical tourism)*.
- Ang mga dayuhan ay hindi kwalipikadong tumanggap ng bahagi ng katawan mula sa mga Pilipinong wala siyang anumang relasyon.
- Lahat na *health* at *health-related facilities* at mga propesyonal ay hindi dapat pahintulutan ang bentahan ng bato *(trade of kidneys)*.
- Ang paglilipat ng *organ* ay pinapayagan lamang kung ito ay boluntaryo at tunay na kusang pagtulong na walang anumang kapalit na halaga o pabuyang kaakibat nito.

Ang *Implementing Rules and Regulations (IRR) on Organ Trafficking* ay nagkabisa noong Hunyo 21, 2009. Ang *IRR* at mga direktiba ng *DOH* ay nakapagpababa sa iligal na bentahan ng mga bahagi ng katawan ng tao *(organs)*, partikular na ang mga bato. Nguni't ang mas pinaigting na pagsisikap ay kailangan para maipatupad ang mga ito.

Ang mga bagong paraan naman para malusutan ang batas ay laging nabubuo ng mga sindikato. Dahil dito, ang *PACT* at *ECPAT Philippines* ay hinihimok ang pamahalaan na ipatupad ang batas at pabagsakin ang mga sindikato, na minamanipula rin ang mga pagamutan *(medical establishments)*. Hinihikayat din ang pamahalaan na hanapin ang iba pang *kidney donors* na biktima ng *organ trafficking* at bigyan sila ng pangunahing serbisyong pangkalusugan, pang-ekonomiya at ligal man, gayundin ang pagtulong sa kanila sa paghahanap ng katarungan, lunas at kabayaran sa pinsala.

Nanawagan din ang *PACT* at *ECPAT Philippines* na bigyan ng prayoridad ang pagpapaunlad at pangangalaga sa kalusugan ng mamamayang Pilipino. Dapat umanong tutukan ng *DOH* ang pagsasaayos ng kalusugan ng publiko, lalo na ang para sa kalusugan ng mga bata at nagdadalantao, at ang mga pag-iingat para maiwasan ang mga sakit na nagiging sanhi ng *organ failure*. ***LT IBASCO (Source: www.asia-acts.org.)***

# Sangguniang Panlalawigan...

**(Mula sa pahina 8)**

nakatiwangwang na lupa na dapat taniman ng mga makakain para maibsan ang kakulangan sa pagkain.

Bilang isang magsasaka, si Bokal Romeo R. Marmol ay pursigido na protektahan at isulong ang kagalingan ng mga magsasaka, mga mangingisda, gayundin ang mga manggagawa. Ang isusulong niyang *pet project* ay ang *"Bagsakan Area"* o ang *"Agricultural Center"*.

Si Bokal Godfrey A. Parale, bilang isang mananggol (abogado) ay naniniwala sa kasabihang, *"Public office is a responsibility and not a right"*. At siya rin ay nangakong magbibigay ng buong kooperasyon at suporta sa anumang panukalang batas na ipapasa ng konseho hangga't ito ay nakalaan para sa kagalingan ng publiko.

Nanawagan naman si Bokal Ligaya Lo-Pedron sa kaniyang mga kasamahan na kumilos bilang iisang katawan sa lahat ng hakbangin ng Sanggunian. Sinabi rin niya na hindi ang partido ó sinumang personalidad ang magiging konsiderasyon niya sa pagsuporta sa anumang *legislative measure*.

Si Bokal Edgar Dasco na muling nagbabalik sa SP matapos ang isang termino, ay naniniwala na ang isang matatag na pamunuan ay bunga ng matatag na mga mamamayan. Ipapanukala rin niya ang pagbuo ng *"Provincial Task Force on Good Government"* sa pamamagitan ng isang resolusyon.

Plinaplano naman ni Bokal Gerardo G. Quiñones na pasimulan ang epektibo at napapanahong pagpapatupad ng mga batas kontra sa iligal na pangingisda at malakihang pagmimina *(large-scale mining)*. Hinikayat din niya na magkaisa ang lahat para makamit ang bisyon at misyon ng Sangguniang Panlalawigan para malabanan ang kahirapan sa probinsya.

Samantala, binalangkas naman ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel ang kaniyang mga plano at polisiya bilang Punong Tagapagganap ng Sangguniang Panlalawigan. Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. Sangguniang Panlalawigan na angkop at nakikita ang pagkilos;
2. Pagkilala sa *media* bilang tagapaghatid ng impormasyon;
3. Isang *newsletter* para isulong ang pamunuang hantad at nagbibigay-kapangyarihan;
4. Pagsasagawa ng sesyon sa iba't-ibang bayan ng lalawigan *(offsite session)*;
5. Pag-amyenda sa *SP Internal Rules of Procedure*;
6. Pagbalangkas ng *Executive-Legislative Agenda (ELA)*;
7. Pagsusulong sa kapakanan ng mga empleyado;
8. *Unified Fishery Ordinance*;
9. Paglilipat ng mga dokumento ng mga barangay na nabawi ng Camarines Norte mula sa lalawigan ng Quezon
10. Pagtatayo ng isang *legislative building*

Hinimok din ni Bise Gob. Pimentel ang kaniyang mga kasamahan na magkaisa at ibigay ang buong suporta kay Gobernador Edgardo A. Tallado gayundin sa iba't–ibang departamento ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng panuntunang: *"Higit na Kagalingan Para sa Higit na Nakararami"*.

Samantala, binigyan din ng pagkakataong magbigay ng mensahe ang bagong upong kinatawan ng *Provincial Councilor's League (PCL)* na si Bokal Bernadette Asutilla mula sa SB Paracale na siyang humalili kay Talisay *Mayor-elect* Ronnie P. Magana, habang hindi pa nahahalal ang bagong kinatawan ng *PCL* sa SP. Ipinahayag niya na ha-ngad niya na ang kanyang maikling panahong ilalagi sa SP ay maging mabunga.

Pagkatapos ng mga pagtalumpati, isang panukala ang ipinasa ng konseho na: "Ipinahahayag at Ipinagbibigay-alam sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas at sa Lahat ng Sangay ng Pamahalaan na ang Sangguniang Panlalawigan ng Camarines Norte ay Handa na Upang Tupdin ang Kanilang mga Tungkulin na Itinatadhana ng *Local Government Code of 1991"*. Ito ang *Resolution No. 160-2010 - A Resolution Announcing the Formal Constitution of the 26th Sangguniang Panlalawigan of Camarines Norte"*.

Gayundin naman, si Gobernador Edgardo A. Tallado ay naglatag ng kaniyang mga polisiya at programa para sa ika-26 na Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng kanyang administrasyon.

Kaugnay nito, ipinasa naman ang *Resolution No. 161-2010 - A Resolution Taking Cognizance of the Three-Year Agenda of Go-vernment of the Honorable Governor Edgardo A. Tallado"*. ***JOSEPHINE Q. BADONG***

# Bantay-Bata ...

**(Mula sa pahina 8)**

*fun and games* (mga katuwaan at palaro).

Ang Bantay-Bata ay magbibigay rin ng serbisyo-publiko para sa mga taong nawawala, natagpuan at iba pa, kung saan ang kaso ay ii-endorso óipadadala nito sa mga kinauukulang *Regional Network Group (RNG)*. **LT IBASCO**

# SP inaugural session, isinagawa; 3-taong programa ni Gob. Tallado inilahad dito



Jonah G. Pimentel
Vice-Governor

Ang *inaugural session* ng Sangguniang Panlalawigan (SP) para sa terminong 2010-2013 ay ginanap noong ika-5 ng Hulyo 2010 sa *Sangguniang Panlalawigan Session Hall* ng Kapitolyo Probinsyal ng Camarines Norte.

Ang mga bagong halal na kasapi ng SP sa pamumuno ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel ay pawang nangako na tutuparin nila nang buong husay ang mga tungkuling nakaatang sa kanilang mga balikat alinsunod sa itinatadhana ng batas lalo't-higit ang *RA 7160* na mas lalong kilala bilang *"The Local Government Code of 1991"*.

Sa kani-kanilang talumpati, binigyang-diin nila na isusulong nila ang malaya, malinis at tapat na paglilingkod sa pamahalaan lalo't higit sa taumbayan na siyang nagbigay sa kanila ng tunay na mandato sa katatapos na kauna-unahang *automated May 2010 National and Local Elections*.

Samantala, ang buod ng talumpati ng mga bagong halal na kagawad ng SP ay ang mga sumusunod:

Si Bokal Teresita DL. Malubay ay nangako ng disiplinadong uri ng pamumuhay, at positibong pagkilos sa kabila ng mga di-karaniwan at negatibong kritisismo. Plano rin niyang isulong ang mga programa para sa pagpaunlad ng edukasyon, kalusugan at kapakanan ng mga kababaihan at pamilya. At higit sa lahat, itataguyod niya ang pagtatatag dito ng *Camarines Norte National Science High School (CNNSHS)*.

Pagtutuunan naman ng pansin ni Bokal Ruth F. Herrera ang mas pinahusay na serbisyo sa larangan ng kalusugan at kabuhayan para labanan ang kahirapan - ang isinisigaw niya sa panahon ng kampanya.

Si Bokal Erwin Lausin naman ay may masimbuyong damdamin para sa pangangalaga ng kapaligiran na alam niyang isa rin sa mga prayoridad ni Gobernador Edgardo A. Tallado. Idinagdag niya na bibigyang-tuon din niya ang kapakanan ng mga kabataan sa buong probinsya.

Ipinahayag naman ni Bokal Rodolfo V. Gache na susuportahan niya hindi lamang ang mga programa ng lokal na pamahalaan kundi gayundin ang *agenda* ni Pangulong Noynoy Aquino para sa *social transformation*.

Si Bokal Pandi naman ay pahapyaw na binanggit ang ilang ginawa niya bilang *three-termer* katulad ng resolusyon para sa pagbili ng pamahalaang panlalawigan ng *farm tractors* na pinaaarkilahan sa mga magsasaka sa abot-kayang halaga na P500.00 bawat ektarya, at bilang pangunahing may akda ng *"Environment Code"* ng Camarines Norte na inaasahang mailalabas ngayong buwan. Ipinahayag din niya ang pagmamalasakit para sa mga

(Sundan sa pahina 7)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 1, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE HULYO 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"





*Nagbibigay ng kanyang inaugural message si Bise Gobernador Jonah G. Pimentel sa inaugural session ng Sangguniang Panlalawigan (SP) kung saan dumalo rin si Gobernador Egay A. Tallado na naghain ng kanyang 3-taong agenda na sinang-ayunan ng buong Sanggunian.*

# Bantay Bata 163 Bicol–Daet Desk bukas na para maglingkod

Nagsimula noong Mayo 2010 ang pagbubukas sa publiko ng *Bantay Bata 163 Bicol-Daet Desk* na may tanggapan sa ABS-CBN Daet na matatagpuan sa *3rd Floor LJR Building 2, Gov. Panotes Avenue*, Daet, Camarines Norte. Ito ay pinangangasiwaan ng tatlong (3) rehistradong *social workers* na magbibigay ng kanilang serbisyo tuwing araw ng Miyerkules simula ika-9 ng umaga hanggang ika-4 ng hapon.

Ito ang napagalaman sa isang panayam kamakailan kay Gng. Lorna C. de Claro, *Provincial Social Welfare and Development Officer (PSWDO)* ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.

Kaugnay nito, ang *Bantay*-Bata *163 Bicol-Daet Desk* ay nagbibigay ng tulong-medikal sa mga kabataang mahihirap na may edad 0-12 taong gulang. Ang dapat gawin ng kanilang magulang ó tagapangalaga ay magdala ng mga sumusunod na dokumento: *medical certificate* ó *medical abstract*, *social case study report*, *barangay clearance*, larawan ng pasyente/maysakit, at reseta (kasalukuyan/*latest*).

Ang Bantay-Bata ay maaaring magbigay ng gamot bilang paunang tulong. Kung ang pasyente ay kailangang isailalim sa operasyon ó nangangailangan ng panustos na gamot *(maintenance medicines)*, ang *social worker* ay gagawa ng pagtataya *(assessment)* kung kinakailangang kunan ng larawan ang pasyente para makapanawagan ito ng tulong. Kapag pumayag ang mga magulang/tagapangalaga, iiskedyul ng *social worker* ang pagbisita sa tahanan ng pasyente para makunan ito ng larawan.

Maliban dito, ang *social worker* ng Bantay Bata ay nagbibigay rin ng pagpapayo *(counseling)*. Ang mga *walk-in clients* din para sa mga kaso ng pang-aabuso at iba pang usaping nauugnay ang mga kabataan ay tatanggapin ng *social worker* kung saan ang kaso ó iba pang usapin ay agad niyang inaaksyunan.

Maaari ring magrekomenda sa Bantay-Bata rito ang *Provincial* at *Municipal Social Welfare and Development Offices (P/MSWDOs)* kung saan angkop na isagawa ang *outreach activities* nito na kinabibilangan ng: adbokasiya ukol sa *children's rights* (mga karapatan ng kabataan) at *parenting* (pagiging mabuting magulang), *feeding* (libreng pakain), at

(Sundan sa pahina 7)